Australian Government
Department of Employment and Workplace Relations

# Pagtasa ng mga Kasanayan (Skills Assessment Pilots)

## Libre at Mabilisang Pagtasa ng mga Kasanayan

Kung kayo ay isang migranteng naninirahan sa Australya, maaaring marapat kayong lumahok sa mga Oportunidad sa Pagtasa ng mga Kasanayan para sa mga Migrante (Skills Assessment Opportunities for Migrants Pilot).

### Ano ang iniaalok?

**Libre at mabilisang** pagtasa para sa mga migrante sa Australya na may mga kasanayan, kwalipikasyon, o karanasan sa mga trabahong kailangang-kailangan.

### Ang pagtasa ng mga kasanayan ay maaaring makatulong sa inyo na makahanap ng trabahong gusto ninyo

Tatasahin nito ang inyong mga kasanayan, kwalipikasyon at karanasan sa trabaho.

**Ang matagumpay na resulta ay nangangahulugang ang inyong mga kasanayan ay kinikilala sa Australya.**

### Huwag nang pumila – kumpletuhin nang mas mabilis ang pagtasa ng inyong mga kasanayan

Pagkatapos ninyong magbigay ng mga kailangang dokumento, matatanggap ninyo ang resulta ng pagtasa ng inyong mga kasanayan sa loob ng mga 15 araw ng trabaho.

### Maaaring nararapat kayo kung kayo ay:

- ✓ may mga kasanayan, karanasan at/o mga kwalipikasyon sa isang marapat na trabaho
- ✓ hindi pa nakapagkumpleto ng pagtasa ng mga kasanayan sa napili ninyong trabaho
- ✓ naninirahan sa Australya na may marapat na family, partner, refugee o humanitarian na bisa, at nabigyan kayo ng inyong bisa noong ang ika-1 ng Enero 2016, o makaraan ang petsang ito.

### Upang mag-aplay:

Kontakin ang Tagatasang Awtoridad para sa trabaho (Assessing Authority for the occupation) na pinakaangkop sa inyong mga kasanayan, kwalipikasyon, o karanasan.

Ang mga Assessing Authority ay responsable sa pagtasa ng mga kasanayan at may iba't ibang mga Assessing Authority para sa iba't ibang trabaho.

Susuriin ng inyong Assessing Authority kung kayo ay nararapat.

Magmadali dahil limitado ang oportunidad na ito – **MAG-APLAY NA NGAYON!**

### Para sa karagdagang impormasyon:

Bisitahin ang website ng Skills Assessment Pilots:

**www.dewr.gov.au/skills-assessment-pilots**

Alamin ang higit pa